# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG SETYEMBRE 05, 2022, LUNES, IKA-9:25 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED 24 OCT 2022 Date: Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 10/24/22 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 334-T2022**

**KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KAGALANG-GALANG PUNONG BAYAN EDGAR S. SAN LUIS NA DAGDAGAN ANG SAHOD NG LAHAT NG JOB ORDER WORKERS NG PAMAHALAANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NA MAGING APAT NARAANG PISO (Php400.00) BAWAT ARAW UPANG MAKATUGON SA TAAS NG BILIHIN AYON SA KANILANG PANGANGAILANGAN AT MAIANGKOP SA PANGKASALUKUYANG PAMUMUHAY.**

**SAPAGKAT,** maraming Job Order Workers sa pamahalaang bayan ang nagseserbisyo at nagsasakripisyo nang maraming taon kahit mababa ang tinatanggap na sahod para mapunan ang pangangailangan ng kanilang pamilya;

**SAPAGKAT,** napapanahon para maragdagan ang mga sahod ng mga Job Order Workers kahit sa kaunting pagtaas ay makakatulong sa kanilang pangangailangan;

**KUNG KAYA'T DAHIL DITO,** iminungkahi ni Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. (Tagpamuno ng Lupon sa Mabuting Pamamahala, Pampublikong Asal at Pampublikong Pananagutan), na pinangalawahan nina Kgg. Mark Anthony P. Joven, Kgg. Norman T. Tolentino, Kgg. Lea A. Almarvez, Kgg. Rizaldy N. Kalaw, Kgg. Patrocinia S. Kalaw at Kgg. Regine S. Regalado at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Hilingin sa Kagalang-galang Punong Bayan Edgar S. San Luis na dagdagan ang Sahod ng lahat ng JOB ORDER WORKERS ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna na maging Apat naraang Piso (Php400.00) bawat araw upang makatugon sa taas ng bilihin ayon sa kanilang pangangailangan at maiangkop sa pangkasalukuyang pamumuhay

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Setyembre 05, 2022**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan